



American  
Heart  
Association.

## Fact Sheet ukol sa Update sa Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke para sa 2025 Sa Isang Sulyap

Nakapaloob sa dokumentong ito ang mahahalagang istatistika tungkol sa sakit sa puso, stroke, iba pang cardiovascular disease at salik ng panganib ng mga ito, bilang karagdagan sa mga karaniwang binabanggit na istatistika tungkol sa programang pananaliksik ng American Heart Association (AHA). Batay ang dokumentong Sa Isang Sulyap na ito sa Update sa Mga Istatistika sa Sakit sa Puso at Stroke para sa 2025: Isang Ulat Tungkol sa Data sa US at sa Buong Mundo mula sa AHA, na taon-taong pinagsasama-sama ng AHA, National Institutes of Health, at iba pang katuwang. Ang mga taon ng data na nabanggit ang mga pinakamakailang available para sa bawat paksa noong isinusulat ang Update.

Ang Mga Update sa Mga Istatistika para sa 2024 at 2025 ay parehong naglalaman ng data ng Pag-aaral ng Pandaigdigang Pasaning Dulot ng Karamdaman para sa 2021. Ang ilang pandaigdigang pagtatantya sa ibaba (mula sa Update sa Mga Istatistika sa 2025) ay nagpapakita ng medyo magkakaibang pagtatantya mula sa Update sa Mga Istatistika sa 2024 dahil sa mga pagpapahusay sa demography at pagtatantya ng populasyon, mga istatistikal at geospatial na paraan ng modeling, at ang pagdaragdag ng halos 3000 bagong pinagkunan ng data simula sa Update sa Mga Istatistika ng AHA sa 2024.

### Pananaliksik ng American Heart Association

- Ginagamit ng AHA ang mga donasyon upang pondohan ang mga proyekto ng pananaliksik. Ang mga aplikasyon para sa pananaliksik ay masusing tinitimbang at pinipili ng mga pangkat ng siyentipiko at propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nagboluntaryo para sa asosasyon.
- Sampung investigator ang nakatanggap ng mga Nobel Prize para sa pananaliksik na buo o partial na suportado ng AHA.
- Ang AHA ang pinakamalaking non-profit at non-governmental funder ng cardiovascular at cerebrovascular na pananaliksik sa Estados Unidos.
- Nakapagpondo na ang AHA ng mahigit sa \$5.7 bilyon sa pananaliksik simula noong 1949.

### Sakit sa Puso, Stroke, at iba pang Cardiovascular Disease

- Ang cardiovascular disease (CVD), na nakalista bilang pinagmumulang sanhi ng pagkamatay, ang dahilan ng 941 652 pagkamatay sa Estados Unidos noong 2022.
- Mas maraming buhay na kinuha ang sakit sa puso at stroke noong 2022 sa Estados Unidos kumpara sa kumbinasyon ng lahat ng uri ng cancer at chronic lower respiratory disease.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istatistika sa dokumentong ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

©2025 American Heart Association, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit.

## Update sa Mga Istatistika para sa 2025 – Mga Istatistika sa Isang Sulyap

- Sa pagitan ng 2017 at 2020, 127.9 milyong nasa hustong gulang sa US (48.6%) ang nagkaroon ng isang klase ng CVD. Sa pagitan ng 2020 at 2021, \$417.9 bilyon ang direkta at hindi direktang nagastos sa kabuuang CVD (\$233.3 bilyon sa mga direktang gastos at \$184.6 bilyon dahil sa nawalang productivity/pagkamatay).
- Noong 2017 hanggang 2020 sa Estados Unidos, 59.0% ng mga non-Hispanic Black na babae at 58.9% ng mga non-Hispanic Black na lalaki ang nagkaroon ng isang klase ng CVD. Sa kategorya ng lahing ito pinakamataas ang prevalence ng CVD.
- Noong 2022 sa Estados Unidos, ang coronary heart disease (CHD) ang nangungunang sanhi ng mga pagkamatay (39.5%) na nauugnay sa CVD sa Estados Unidos, na sinusundan ng stroke (17.6%), iba pang CVD (17.0%), mga hypertensive disease (14.0%), heart failure (9.3%), mga sakit sa mga artery (2.6%).
- Ang mga direktang gastos para sa CVD ay kumakatawan sa 11% ng kabuuang gastos sa kalusugan sa US noong 2020 hanggang 2021, higit pa sa anumang pangunahing diagnostic group maliban sa mga sakit sa musculoskeletal system.
- Ang CVD ang dahilan ng humigit-kumulang 19.41 milyong pagkamatay sa buong mundo noong 2021.

### Coronary Heart Disease

- Coronary Heart Disease (CHD) ang dahilan ng 371 506 pagkamatay sa 2022.
- Ayon sa data mula 2005 hanggang 2014, ang tinatayang insidente ng atake sa puso kada taon sa Estados Unidos ay 605 000 bagong atake at 200 000 naulit na atake. Ang karaniwang edad sa unang atake sa puso ay 65.6 na taong gulang para sa mga lalaki at 72.0 taong gulang para sa mga babae.
- Sa humigit-kumulang na kada 40 segundo, may isang tao sa Estados Unidos na makakaranas ng myocardial infarction.
- Mula 2012 hanggang 2022 sa Estados Unidos, bumaba nang 16.9% ang taon-taong rate ng pagkamatay na nauugnay sa CHD at relatibong ganoon pa rin ang aktwal na bilang ng mga namatay.
- Ang tinatayang direkta at hindi direktang gastos sa CHD noong 2020 hanggang 2021 (average kada taon) ay \$129.3 bilyon sa Estados Unidos.

### Stroke

- Noong 2022, ang stroke ang dahilan ng humigit-kumulang 1 sa bawat 20 pagkamatay sa Estados Unidos.
- Sa average noong 2022, may isang taong namamatay dahil sa stroke sa bawat 3 minuto at 11 segundo sa Estados Unidos.
- Nagdulot ang stroke ng 165 393 pagkamatay sa Estados Unidos noong 2022.
- Noong 2022, ang age-adjusted na rate ng pagkamatay dahil sa stroke bilang pinagmumulang sanhi ng pagkamatay sa US ay 39.5 kada 100 000, na tumaas nang 7.0% mula 36.9 kada 100 000 mula noong 2012, samantala, tumaas naman ang aktwal na bilang ng mga pagkamatay dahil sa stroke nang 28.7% sa parehong yugto ng panahon.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istatistika sa dokumentong ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

©2025 American Heart Association, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit.

- Noong 2021, may 7.25 milyong nasawi dahil sa stroke sa buong mundo (3.59 milyong ang nasawi dahil sa ischemic stroke, 3.31 milyong ang nasawi dahil sa intracerebral hemorrhage, at 0.35 milyong ang nasawi dahil sa subarachnoid hemorrhage).
- Pinakamataas ang age-standardized na pagkamatay na maiuugnay sa stroke sa mga rehiyon ng Oceania at southeast Asia. Pinakamababa ang mga rate sa Australasia at western Europe. Ang age-standardized na bilang ng pagkamatay dahil sa ischemic stroke ay pinakamataas sa eastern Europe, na sinusundan ng north Africa at Middle East at central Asia. Pinakamababa ang bilang ng pagkamatay sa Australasia. Sa mga rehiyon, pinakamataas ang age-standardized na bilang ng pagkamatay dahil sa intracerebral hemorrhage sa Oceania, na sinusundan ng southeast at east Asia at central at eastern sub-Saharan Africa. Sa mga rehiyon, pinakamataas ang bilang ng pagkamatay dahil sa subarachnoid hemorrhage sa Oceania, na sinusundan ng southeast Asia at Andean Latin America.

### **Biglaang Cardiac Arrest**

- Noong 2022, ang bilang ng pagkamatay dahil sa biglaang cardiac arrest sa Estados Unidos ay 19 171. Ang anumang pagbanggit ng pagkamatay dahil sa biglaang cardiac arrest ay 417 957.
- Ayon sa data ng US para sa 2023, nangyayari sa bahay o residence (71.0%) ang karamihan sa mga cardiac arrest sa labas ng ospital (Out of Hospital Cardiac Arrests, OHCA) para sa mga nasa hustong gulang. Mga pampublikong lugar (18.2%) at nursing home (10.7%) ang iba pang lokasyon ng OHCA para sa mga nasa hustong gulang.
- Ayon sa data ng US para sa 2023 para lang sa OHCA sa mga nasa hustong gulang, 10.2% ang nailigtas hanggang sa ma-discharge sa ospital sa lahat ng non-traumatic na OHCA cardiac arrest na ginamot sa pamamagitan ng EMS. 15.4% ang nailigtas hanggang sa ma-discharge sa ospital sa mga sitwasyon ng atake sa mga nasa hustong gulang na natugunan ng tao sa paligid at 18.2% ang nailigtas hanggang sa ma-discharge sa ospital sa mga sitwasyon ng atake na natugunan ng 9-1-1 responder.

### **Mga Salik ng Panganib ng Sakit sa Puso, Stroke at CVD**

Sinusukat ng AHA ang cardiovascular health ng bansa sa pamamagitan ng pagsubaybay sa walong pangunahing salik at pag-uugali sa kalusugan na nagpapataas sa panganib ng sakit sa puso at stroke. Tinatawag ang mga ito na “Life’s Essential 8” (Ang 8 Mahahalagang Bagay sa Buhay) at sinusukat ng AHA ang mga ito para masubaybayan ang progreso tungo sa pagpapabuti ng cardiovascular health ng lahat ng Amerikano. Ang Life’s Essential 8 ay: hindi paninigarilyo, pisikal na aktibidad, masustansyang diyeta, malusog na timbang ng katawan, kalusugan sa pagtulog, at pagkontrol ng cholesterol, presyon ng dugo, at blood sugar. Nasa ibaba ang ilang mahalagang impormasyon na nauugnay sa mga salik na ito:

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istatistika sa dokumentong ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

©2025 American Heart Association, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit.

### Paninigarilyo

- May kinalaman ang tabako sa tinatayang 7.25 milyong pagkamatay sa buong mundo noong 2021.
- Sa Estados Unidos noong 2021, ang paninigarilyo ang pangalawang nangungunang salik ng panganib ng maagang pagkamatay at ang pang-apat na nangungunang salik ng panganib na mamuhay nang ilang taong may kapansanan o injury.
- Sa isang meta-analysis ng 23 prospective at 17 case-control na pag-aaral ng mga panganib ng cardiovascular disease na nauugnay sa pagka-expose sa secondhand smoke, nakitang tumaaas nang 18%, 23%, 23%, at 29% ang relatibong panganib sa kabuuang pagkamatay, kabuuang CVD, CHD, at stroke, nang ayon sa pagkakasunod-sunod, sa mga taong nae-expose sa secondhand smoke.
- Ayon sa ulat para sa 2020 ng Surgeon General ng U.S. tungkol sa pagtigil sa paninigarilyo, >480 000 American ang namamatay dahil sa paninigarilyo at >41 000 ang namamatay dahil sa pagka-expose sa secondhand smoke bawat taon, ≈1 sa 5 pagkamatay kada taon.
- Noong 2023, 12.6% ng mga estudyante sa high school at 6.6% ng mga estudyante sa middle school sa US ang nag-ulat na kasalukuyan silang gumagamit ng produktong tabako. Dagdag pa rito, 1.9% ng mga estudyante sa high school at 1.1% ng mga estudyante sa middle school sa US ang naninigarilyo sa nakalipas na 30 araw. Sa nakalipas na 30 araw, 10.0% ng mga mag-aaral sa high school at 4.6% ng mga mag-aaral sa middle school sa US ang gumagamit ng mga e-cigarette.
- Noong 2021, 11.5% ng mga nasa hustong gulang sa US ang nag-ulat na naninigarilyo araw-araw o paminsan-minsan (13.1% ng mga lalaki at 10.1% ng mga babae).

### Kawalan ng Pisikal na Aktibidad

- Noong 2022, ang pangkalahatang dami ng tumugon sa Mga Tagubilin sa Pisikal na Aktibidad para sa Mga American sa 2018 para sa aerobic na aktibidad at mga aktibidad sa pagpapalakas ng kalamnan ay 25.3% sa mga nasa hustong gulang sa US.
- Sa mga estudyante sa high school sa US noong 2021, 23.9% ang pisikal na aktibo nang 60 minuto o higit pa araw-araw sa isang linggo.

### Nutrisyon

- Gamit ang scoring metric ng Life's Essential 8 ng AHA at data ng NHANES mula 2013 hanggang 2018, diyeta ang isa sa mga sukatang may pinakamabababang score sa mga nasa hustong gulang; ang mean na score sa diyeta ay 44.4 na may range sa mga demograpikong grupo na 31.4 hanggang 53.1 sa 100.
- Sa mga bata edad 2 hanggang 19 na taon mula 2013 hanggang 2018, naobserbahan ang isang mean na score sa diyeta na 41.2 sa 100 na may range sa mga demograpikong grupo na 31.7 hanggang 49.8.
- Noong 2021, mga salik sa panganib na nauugnay sa diyeta ang kumakatawan sa 7 sa 20 nangungunang salik sa panganib para sa mga taong nawala dahil sa maagang pagkamatay sa Estados Unidos.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istatistika sa dokumentong ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

©2025 American Heart Association, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit.

- Noong 2021, mga salik sa panganib na nauugnay sa diyeta ang kumakatawan sa 3 sa 20 nangungunang salik sa panganib para sa mga taong nawala dahil sa maagang pagkamatay sa buong mundo.

### **Labis na Timbang/Obesity**

- Sa Estados Unidos, ang age-adjusted na prevalence ng obesity sa mga nasa hustong gulang mula 2017 hanggang 2020 ay 41.8% sa mga lalaki at 41.8% sa mga babae.
- Ang age-adjusted na prevalence ng severe obesity sa mga nasa hustong gulang sa Estados Unidos noong 2017 hanggang 2020 ay 6.6% sa mga lalaki at 11.7% sa mga babae.
- Ang prevalence ng obesity sa mga bata at kabataan edad 2 hanggang 19 taon sa Estados Unidos mula 2017 hanggang 2020 ay 19.7%.
- Iniugnay ang mataas na body mass index sa 3.71 milyong pagkamatay noong 2021 sa buong mundo, na nagkaroon ng pagbabagong 42.8% kumpara noong 2010.
- Batay sa pag-aaral ng Pandaigdigang Pasaning Dulot ng Karamdaman noong 2021, ang mga age-standardized na rate ng pagkamatay na maiuugnay sa mataas na body mass index ay pinakamababa sa high-income Asia Pacific at pinakamataas sa southern sub-Saharan Africa, North Africa at Middle East, at Oceania.

### **Cholesterol**

- Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020, 86.4 milyon, o 34.7% ng mga nasa hustong gulang sa US ang nagkaroon ng total cholesterol na 200 mg/dL o mas mataas.
- Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020, humigit-kumulang 24.7 milyon, o 10.0% ng mga nasa hustong gulang sa US ang nagkaroon ng total cholesterol na 240 mg/dL o mas mataas.
- Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020, 63.1 milyon, o 25.5% ng mga nasa hustong gulang sa US, ang may matataas na level ng low-density lipoprotein cholesterol (130 mg/dL pataas).
- Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020, 41.3 milyon, o 16.9% ng mga nasa hustong gulang sa US ang may mabababang level ng high-density lipoprotein cholesterol (wala pang 40 mg/dL).
- Sa pangkalahatan noong 2021, nagkaroon ng 3.65 milyong pagkamatay na nauugnay sa matataas na antas ng low-density lipoprotein cholesterol, na tumaas nang 17.4% mula 2010.

### **Pagtulog**

- Ayon sa data mula sa NHANES mula 2017 hanggang 2020, mas talamak ang hirap sa pagtulog sa mga mas nakatatanda, mga babae, mga NH White na nasa hustong gulang, at mga indibidwal na walang trabaho. Mas talamak ang pagkaantok sa umaga sa mga mas nakababatang nasa hustong gulang, mga babae, mga NH White na nasa hustong gulang, mga taong walang trabaho, at mga taong mas mababa ang kita.

## Update sa Mga Istatistika para sa 2025 – Mga Istatistika sa Isang Sulyap

- Batay sa data noong 2022, mas madalas mag-ulat ang mga babae ng pagkakaroon ng anumang problema sa pagtulog sa karamihan o sa lahat ng araw kaysa sa mga lalaki sa lahat ng grupo ng edad.

### Diabetes

- Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020, tinatayang 29.3 milyong (10.6%) nasa hustong gulang sa US ang na-diagnose na may diabetes.
- Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020, tinatayang 9.7 milyong (3.5%) nasa hustong gulang sa US ang may hindi na-diagnose na diabetes. Dagdag pa rito, 115.9 milyong (46.4%) nasa hustong gulang sa US ang may prediabetes.
- Noong 2022, 101 209 na pagkamatay sa US ang naiugnay sa diabetes. Ang age-adjusted na rate ng pagkamatay sa US na pangunahing naiugnay sa diabetes ay 24.1 kada 100 000.
- Noong 2021, tinatayang 1.66 milyong pagkamatay ang naiugnay sa diabetes sa buong mundo. Kumakatawan ito sa age-standardized na rate ng pagkamatay na 19.61 kada 100 000. Noong 2021, tinatayang 5.29 milyong pagkamatay ang naiugnay sa mataas na fasting plasma glucose. Kumakatawan ito sa age-standardized na rate ng pagkamatay na 63.73 kada 100 000.

### High Blood Pressure (HBP)

- Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020, 122.4 milyong (46.7%) nasa hustong gulang sa US ang may hypertension.
- Noong 2022, may 131 454 na pagkamatay sa US na pangunahing nauugnay sa HBP.
- Noong 2022, ang age-adjusted na rate ng pagkamatay sa US na pangunahing nauugnay sa HBP ay 31.5 kada 100 000.
- Noong 2021, tinatayang 10.85 milyong pagkamatay ang naiugnay sa mataas na systolic blood pressure sa buong mundo. Kumakatawan ito sa age-standardized na rate ng pagkamatay na 131.10 kada 100 000.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istatistika sa dokumentong ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

©2025 American Heart Association, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit.

## Update sa Mga Istatistika para sa 2025 – Mga Istatistika sa Isang Sulyap

Ang mga fact sheet, infographics, at mga kasalukuyan/dating paglalathala ng Update sa Istatistika ay mada-download mula sa:

[Heart and Stroke Association Statistics | American Heart Association](#) (Website sa Ingles).

Maraming istatistika sa fact sheet na ito ang galing sa mga hindi nailathalang tabulation na pinagsama-sama para sa dokumento ng Update sa Istatistika at maaaring banggitin gamit ang citation sa dokumento na nakalista sa ibaba. Nakalista sa buong dokumento ang mga pinagkunan ng data na ginamit para sa mga tabulation. Dagdag dito, nanggaling sa mga nailathalang pag-aaral ang ilang istatistika. Kung babanggitin mo ang alinman sa mga istatistika sa fact sheet na ito, pakibasa ang buong dokumento ng Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke upang malaman ang mga pinagkunan ng data at orihinal na citation.

Hinihiling ng American Heart Association na banggitin ang buong dokumento na gaya ng sumusunod:

Martin SS, Aday AW, Allen NB, Almarzooq ZI, Anderson CAM, Arora P, Avery CL, Baker-Smith CM, Bansal N, Beaton AZ, Commodore-Mensah Y, Currie ME, Elkind MSV, Fan W, Generoso G, Gibbs BB, Heard DG, Hiremath S, Johansen MC, Kazi DS, Ko D, Leppert MH, Magnani JW, Michos ED, Mussolino ME, Parikh NI, Perman SM, Rezk-Hanna M, Roth GA, Shah NS, Springer MV, St-Onge M-P, Thacker EL, Urbut SM, Van Spall HGC, Voeks JH, Whelton SP, Wong ND, Wong SS, Yaffe K, Palaniappan LP; sa ngalan ng Komite sa Mga Istatistika at Komite sa Mga Istatistika ng Stroke ng Konseho sa Epidemiyolohiya at Pag-iwas ng American Heart Association. Mga istatistika ng sakit sa puso at stroke sa 2025: isang ulat mula sa American Heart Association tungkol sa data mula sa US at buong mundo. *Circulation*. Na-publish online noong Enero 27, 2025.

Pakidirekta ang lahat ng tanong sa media sa News Media Relations sa <http://newsroom.heart.org/newsmedia/contacts> (Website sa Ingles).

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istatistika sa dokumentong ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.

©2025 American Heart Association, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit.